

SO WHAT

- Sa sukat na isa hanggang sampu, ano sa palagay mo ang kalagayan mo tungkol sa pag-alala sa iyong buhay sa kasalukuyan? Ano ang sinasabi ng Diyos sa Kanyang Salita?
- Ano ang dalawang bagay na pinakaalalahanin o ikinababahaya mo? Ano sa palagay mo ang magagawa mo upang hindi ka na dapat mag-alala pa sa mga bagay na ito?
- Ano ang mga sinabi ni Jesus na hindi natin dapat alalahanin? (Basahin sa Mateo 6:25-34.)

NOW WHAT

- Papaano natin itutuon ang ating paningin sa Panginoon at sa Kanyang mga pangako at hindi sa ating mga problema at mga alalahanin?
- Ano ang mga praktikal na hakbangin upang alisin ang mga pag-aalala sa iyong buhay?
- Ano ang pinakahuling kahilingan sa panalangin ang sinagot ng Diyos na ikinapasasalamat mo?

PRAYER

- Humingi ka sa Panginoon na bigyan ka ng mapagpasalamat at magalaking espiritu sa lahat ng panahon (1 Tesalonica 5:16-18).
- Ipanalangin ang mga bagay na nababahaya ka at manalig na ang Diyos ang tutugon sa iyong mga pangangailangan.
- Angkinin sa iyong sarili ang sumusunod na salmo bilang kaphayagan sa Panginoon (Salmo 28:7; 95:1-3; 100:4-5; 106:1; 118:1, 5-8, 21).



VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
 Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
 Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 4 FILIPINO

Kapayapaan kay Kristo



NOTES

CONNECT

- Ano ang pinakamapayapang lugar na napuntahan mo? Bakit ito mapayapa sa palagay mo?
- Ano ang karaniwan mong ginagawa para magpatanggal ng pagod at magpahinga?
- Kapag ikaw ay may problema, kanino mo ito unang ibinabahagi?

WORD

⁴Magalak kayong lagi sa Panginoon! Inuulit ko, magalak kayo! ⁵Ipakita n'yo sa lahat ang kagandahang-loob n'yo. Malapit nang dumating ang Panginoon! ⁶Huwag kayong mag-alala sa anumang bagay. Sa halip, ilapit sa Diyos ang lahat ng pangangailangan n'yo sa pamamagitan ng panalangin na may pasasalamat. ⁷Kapag ginawa n'yo ito, bibigyan kayo ng Diyos ng kapayapaan na siyang mag-iingat sa puso ninyo at pag-iisip dahil kayo'y nakay Kristo Jesus. At ang kapayapaang ito ay hindi kayang unawain ng tao. FILIPOS 3:12-14

WHAT

Habang si Pablo ay nakakulong sa bahay sa Roma, naisulat niya ang liham na ito sa iglesia ng mga taga-Filipos upang bigyan silang sigla sa kanilang pananampalataya na ang tunay na kagalakan ay nagmumula kay Jesu-Kristo lamang. Atung tunghayan ang sinasaad sa Bibliya na kung papaano tayo magkakaroon ng kapayapaan sa kabila na ang mundo ay punong-puno ng mga bagay na nakakapagod.

1 Palaging magalak sa Panginoon.

Ngayon, mga kapatid, magalak kayo sa Panginoon. Hindi ako nagsasawang sabihin ito nang paulit-ulit dahil para ito sa kabutihan n'yo. FILIPOS 3:1

Tila isang pambihirang bagay sa isang tao na nakakulong ang magsabi sa iglesia na "magalak kayo" (Filipos 4:4). Ang puso ni Pablo ay puno ng kagalakan at kapayapaan dahil siya ay nakatuon ang pansin sa Panginoon. Ang ligaya ni Pablo ay ayon sa pananalig niya kay Kristo. Ano ang pangako ng Diyos sa Isaias 26:3 at papaano mo ito isasapamuhay?

2 Huwag mag-alala sa anumang bagay.

Huwag kayong mag-alala sa anumang bagay. Sa halip, ilapit sa Diyos ang lahat ng pangangailangan n'yo sa pamamagitan ng panalangin na may pasasalamat. FILIPOS 4:6

Huwag tayong mag-alala, mayanig, matakot, o di-mapakali sa anumang bagay dahil ang Panginoon ay nasa ating tabi at parating nariyan kasama natin. Wala tayong karapatang tumanggi at ito ay Kanyang ipinag-uutos. May mga taga-saliksik mula sa Unibersidad ng Cincinnati na nakatuklas na may walumpu't limang porsiyento na ang ating ipinag-aalala ay hindi nangyayari. Ano pa ang ating aalalahanin kung ang buong pagtitiwala natin ay nasa Diyos (1 Pedro 5:7; Roma 8:28; Jeremias 29:11-14; Salmo 55:22)?

3 Manalangin ng may pasasalamat sa Diyos.

¹⁶Lagi kayong magalak, ¹⁷laging manalangin, ¹⁸at magpasalamat kayo kahit ano ang mangyari, dahil ito ang kalooban ng Diyos para sa inyo na mga nakay Kristo Jesus. 1 TESALONICA 5:16-18

Ang panalangin ng kahilingan na may pasasalamat ay ang ating panlaban sa mga pag-aalala, takot, at pangamba. Kapag sinabi natin sa Diyos ang mga bagay ng ating pagkabahala, ang ibig sabihin nito ay nagtitiwala tayo na pangangalagaan Niya ang ating mga pangangailangan. Ang kapayapaan ng Diyos ang pupuno sa ating mga puso at ito ay magbubunga ng panlaban natin sa pag-aalala gayon din sa ating mga kaisipan at pagnanasa. Ano ang maaari mong gawin upang pagyamanin ang puso na may pasasalamat sa lahat ng sandali? (Filipos 1:6)?
